

MGA PAMAMARAAN SA PAGLILINIS NG LIKIDO MULA SA KATAWAN

Ang mga likido ng katawan gaya ng suka at dumi ay naglalaman ng norovirus na maaaring kumalat hanggang 25 talampakan, na maaaring makakontamina ng mga ibabaw at pagkain. Ito ay nagdudulot ng panganib sa mga customer at empleyado. Ang tamang paglilinis ng suka at dumi ay nangangailangan ng mas mahigpit at masusing proseso kaysa sa karaniwang paglilinis upang epektibong mabawasan ang pagkalantad sa norovirus. Ang plano ng pagtugon at ang tamang kagamitan para sa paglilinis at sanitasyon ay napakahalaga para maprotektahan ang iyong mga empleyado at customer.

Unang mga Hakbang:

- Ilikas ang lahat ng tao sa loob ng 25 talampakang radius.
- Harangan ang *access* sa kontaminadong lugar.
- Magsuot ng *personal protective equipment* (PPE). Ang sinumang maglilinis ng suka o dumi ay dapat magsuot ng hindi mas kakaunti pa sa isang pang-isahang gamit na guwantes at face mask.
- Itapon ang mga pagkaing hindi nakatakip at mga pang-isahang gamit na mga bagay sa loob ng apektadong lugar.
- Hugasan, banlawan, at i-sanitize ang lahat ng kagamitan at kasangkapan sa apektadong lugar.



Para sa Paglilinis:

- Agad na alisin ang suka o dumi gamit ang pamproteksyong kasuotan at paper towels, simula sa malinis na bahagi papunta sa kontaminadong bahagi.
- Gumamit ng *kitty litter* o *baking soda* para masipsip ang likido sa *carpet*.
- Itapon ang lahat ng basura sa *plastic bag* at labhan o itapon ang mga kontaminadong tela.
- Hugasan ang mga apektadong ibabaw gamit ang tubig na may sabon, banlawan, at patuyuin. Linisin at i-disinfect ang mga *reusable* na kagamitan.
- Mag-disinfect gamit ang solusyon ng *chlorine bleach*. Gumamit ng 3/4 na tasa ng konsentradong *bleach* o 1 tasa ng regular na *bleach* kada 1 galon ng tubig.
- I-apply gamit ang *spray bottle* at tiyaking mananatiling basa ang mga ibabaw ng hindi bababa sa 5 minuto.
 - Para sa *carpet* at *upholstery*, isaalang-alang ang *steam cleaning* para sa mas matinding paglilinis.
 - Banlawan ang mga ibabaw na may kontak sa pagkain gamit ang malinis na tubig at maghugas ng kamay nang mabuti gamit ang sabon, dahil hindi epektibo ang *hand sanitizer* laban sa norovirus.